

# PROLOGUE

*One year ago...*

Hindi mapigilan ni Eleanor Ballesteros ang tumawa. Gaano ba katagal mula nang huli siyang tumawa hanggang sa manakit ang tiyan niya? Siguro ay ngayong araw na ang pinakamaraming beses niyang tumawa in a long while. Nasa ospital pa siya noon at dapat ay balisa dahil naka-confine ang Ate Emma niya na muntik nang bawian ng buhay dahil sa aksidenteng kinasangkutan nito noong nakaraang gabi lang.

Pero nasa mabuting kalagayan na si Emma at sa kasalukuyan ay nasa mabuting mga kamay ng boyfriend nitong si Dr. Oliver Legaspi, kung kaya iniwan muna ni Eleanor ang dalawa at sumama kay Dr. Gareth Legaspi na identical twin ng future bayaw niya.

Kasalukuyan silang nasa canteen ng ospital kung saan nagtatrabaho ang magkapatid, nag-aalmusal at iyon nga, tumatawa. Sobrang witty ni Doc Gareth. Marami itong mga kuwento at jokes. Kilala at binabati ito ng bawat dumaang medical personnel na nakakakita rito kahit kadalasan ay

tinatanong muna kung ito ba si Gareth o si Oliver bago konsultahin sa kung anong bagay.

May kinakausap itong isang nurse habang nakaupo sa tapat niya kaya kinuha niya ang pagkakataon na iyon para pagmasdan ang binatang doktor. Nang pagbuksan siya ng pinto ni Doc Oliver noong nakaraang gabi, hindi siya makapaniwalang doktor ito. Sanay kasi si Eleanor sa doktor niya na matanda, malaki ang tiyan at kalbo. Pero ayon na nga at parang modelo ang boyfriend ng ate niya. Nang pabiro niyang tanungin si Ate Emma kung may kapatid ba ang binata, tumawa lamang ang babae.

Hallelujah, praise the Lord, may kakambal pala si Kuya Oliver. At kahit kamukhang-kamukha nito si Gareth, para kay Eleanor ay mas guwapo pa rin nang kaunti ang mas batang Dr. Legaspi.

*Ang ganda ng mga labi niya, sabi niya sa sarili. Parang ang sarap i-kiss. At ang charming pa ng ngiti niya. Ang gaganda din ng mga singkiting mata.*

Tumawa ang nurse na kausap ng lalaking kanyang pinapantasya bago nagpaalam sa kanila at tuluyan nang umalis.

Binalingan siya ni Gareth. “Pasensya na, ha,” sabi nito. “Sikat kasi ako dito, eh.”

“Kahit kalahati sa kanila akala si Kuya Oliver ka?”

Kumindat ito. “Ewan ko nga ba. Mas guwapo naman ako kay Oliver.”

Muli siyang tumawa. Siyempre, hindi niya aaminin na sang-ayon siya roon.

Sumipsip ng kape si Gareth. “What do you do?” tanong nito. “Kanina pa ako nagkukuwento sa ’yo, wala ka pang kinukuwento sa ’kin. Nakakahalata na ’ko, ah.”

“I’m an artist,” sagot ng babae habang hinahalo ang malamig na ring kape. “Nagde-design ako ng mga websites.”

“Ah, talaga?” manghang anito. “Ang galing! Ang alam ko lang sa computer ay solitaire, eh.”

Napabunghalit muli ng tawa si Eleanor at ngumiti si Gareth. Inabot nito ang kamay niya habang matama siyang pinagmamasdan. “I like you,” wala sa loob nitong sabi. “Ang gaan mong kasama.”

Bigla siyang natahimik dahil pinagmamasdan siya nang seryoso ng binata. “I have a boyfriend,” bigla niyang naibulalas.

Nakita niyang nabigla ito at mabilis na binitiwang

ang kanyang kamay. “I see,” sabi lang nito bago muling kinuha ang kape at uminom. “I’m sorry. I wasn’t...” Mahinang tumawa si Gareth. “I’m sorry. I didn’t mean to be too forward. Sanay lang akong nagsasabi ng kung ano mang naiisip ko. Nakakainis nga daw na habit ’yun sabi ni Oliver.”

Malungkot ang ngiti ni Eleanor. “Okay lang. Sorry rin.” At hindi alam ng binata kung gaano siya ka-sorry na may boyfriend siya.

“Tapos ka na bang mag-breakfast? Tapos na sigurong mag-usap sina Oliver at Emma sa kuwarto. Puwede na tayong bumalik,” aya ng doktor.

Tumango lang siya at tumayo. Sabay silang naglakad papunta sa elevator. Iniisip ni Eleanor ang sinabi nito sa kanya. *I like you...*

Ikinagulat niya iyon. At ang masama, she liked him, too. Guwapo at masaya kasama, he was close to his brother. Doktor ito so madaling sabihin na matalino si Gareth at established sa buhay.

Oh, yes, she liked him, too. Very much, in fact. At nasasayangan siya dahil huli na niya itong nakilala.

# 1

*The present...*

Napuyat si Eleanor noong nakaraang gabi at hindi dahil sa bisperas iyon ng Pasko, kundi dahil kasal ng Ate Emma niya sa pinakamamahal nitong boyfriend na si Dr. Oliver Legaspi.

Matapos ang reception, tumuloy silang pamilya sa bahay ng mga Legaspi para sa Noche Buena kaya madaling araw na nakauwi sa bahay si Eleanor. Kasama niyang nakatira roon ang kanyang nobyo, na sa sarili naman nitong pamilya nag-Pasko.

Hindi magkasundo sina Philip at Emma kaya madalang magkita ang mga ito. At kahit nga imbitado sa kasal ang boyfriend niya, minabuti nitong hindi dumalo roon. Hindi naman niya kasundo ang pamilya ng binata kaya hindi rin siya mahilig magsasama sa mga family reunions nito.

Magkatalikod silang nakahiga ni Philip sa kama nang magising siya nang umaga ng Pasko. Hindi na bago iyon sa kanila. Ilang buwan na ba niyang napapansin na iba na ang trato sa kanya ng boyfriend?

## *Symptoms Of Affection - Elise Estrella*

---

Hindi na tulad ng dati na halos hindi nila kayang mahiwalay sa isa't isa. Hindi na ito malambing sa kanya. Lagi nang mainit ang ulo nito. Matabang na ang samahan nila at hindi alam ni Eleanor kung matutuwa siya o matatakot kapag naiisip na hindi siya nasasaktan sa pagbabago ng kasintahan. Para bang wala siyang pakialam sa kung ano ang gusto nitong gawin sa buhay.

Ilang taon na silang mag-boyfriend ni Philip. Kung naging monotonous ang kanilang pagsasama ay hindi ba dapat iniisip niyang baguhin iyon at gawing mas maayos o kaya ay mas exciting? Pero para bang wala nang gana si Eleanor na ayusin pa iyon. Kung noon ay gugulatin na lang niya ito na nakasuot siya bigla ng bikini pagdating nito sa bahay, parang ngayon, ni magsuklay ay kinatatamaran niya.

Bumangon siya at nag-isip ng luluuin para sa almusal. Bigla niyang naisip na kung dati iyon, gigisingin na rin niya si Philip sa pamamagitan ng halik at yakap.

Bumuntong-hininga siya at tuluyan nang lumabas ng silid nilang dalawa. Kailangan na nilang pag-usapan ang kanilang relasyon at kung gusto pa ba nilang ipagpatuloy iyon.

Nagpiprito na siya ng itlog nang bumaba si Philip mula sa silid nila. Nag-good morning lang ito bago tinungo ang lalagyan nila ng mga tasa at kumuha ng isang mug na pagtitimplahan nito ng kape. Para silang hindi magkakilala. Hindi niya ito kinausap at hindi siya nito kinibo. At nang may mag-doorbell sa labas, ito na ang nagtungo sa sala nila para magbukas ng pinto.

Iniiisip ni Eleanor kung ano ang magandang opening para mapag-usapan na nila ang nananabang na relasyon nang marinig niya ang tinig ng isang babae mula sa living room. “Kailangan niyang malaman, Philip,” sabi nito. “Niloloko mo siya.”

Sa mga katagang iyon, pinatay niya ang kalan at tinungo ang sala. Nakatayo si Philip sa pinto at hinaharangan ang isang babaeng may dalang sanggol. “Jenna, umalis ka na,” mahinang pagtataboy nito.

“Philip?” tawag ni Eleanor; nakakunot ang noo. Nakita niyang natigilan ang nobyo at nagpumilit na pumasok ang babaeng nasa pinto.

“Eleanor,” tawag ng huli. Hindi niya ito kilala, pero halatang kilala siya nito. “Eleanor, kailangan mong malaman.”

*Symptoms Of Affection - Elise Estrella*

---

“Jenna!” Galit na hinatak ni Philip sa braso ng babae pero hindi ito tumigil.

“Eleanor, please! May anak na kami ni Philip!” sabi nito na inangat ang sanggol na dala bago ito niyakap. Nagsimulang humagulhol ang babae.

Nanlamig si Eleanor sa narinig at lumipad ang tingin sa nobyo. Nagngangalit ang ngipin ni Philip.

“Totoo ba ang sinabi niya?” mahinang tanong niya rito.

“Ellie,” sumamo ng nobyo. Sa pagtawag nito ng pangalan niya, alam na niya ang totoo. Marahang tumango siya. Hindi na pala niya kailangan ng opening para pag-usapan ang nanunuyot na relasyon nila. Heto nga, malaya na siya at puwede nang umalis.

Walang imik siyang tumalikod at umakyat sa ikalawang palapag ng bahay nila. Isang oras matapos niyon, iniwan na niya si Philip na kasama ang babae at ang anak nito. Dala-dala ang ilang bag ng mga damit, sa taxi na lamang umiyak si Eleanor.

---

Mabuti na lang at naabutan ni Eleanor sina Oliver at Emma bago makaalis ng bahay ang mga ito para



magtungo sa bahay ng mga magulang ng lalaki para sa Christmas lunch. Kung hindi, mas nakakahiya na datnan siya ng mag-asawa na nakaupo sa tapat ng gate at naghihintay.

Yakap-yakap siya ni Emma sa sofa habang nakakalat ang mga bag niya sa paanan nila. Binigyan sila ng privacy ni Oliver para makapag-usap.

“Shh,” alo ni Emma habang hinahaplos nito ang buhok niya. “It’s okay. It’s going to be okay.”

“Sana nakinig na lang ako sa ’yo, Ate,” hikbi niya habang pinupunasan ang luhang walang tigil sa pagpatak. “Di ba, noon pa lang sinabi mo nang hindi mo gusto si Philip?”

“Oo, pero hindi ko naman kasi alam kung bakit hindi ko siya gusto, eh,” paliwanag nito. “Basta iba lang ang feeling ko sa kanya. Malay ko bang gan’un kawalanghiya ang gagong iyon.”

“Don’t say bad words,” pangaral niya sa kapatid. Kindergarten teacher kasi ito kaya maingat sa mga ginagamit na salita kahit pa sa labas ng classroom. Alam niyang galit talaga ito kapag hindi na kinokontrol ang mga salitang lumalabas mula sa bibig.

“Totoo naman, eh.” Patuloy ang paghaplos nito

sa buhok niya.

Tumuwid sa pagkakaupo si Eleanor. “Pero alam mo, Ate, hindi ako masyadong nasaktan na may iba siyang babae,” sabi niya. “Parang dapat mas masakit pa dito ’yung nararamdaman ko kung talagang mahal ko siya. Pero pakiramdam ko, nasaktan lang niya ’yung pride ko.”

“Hindi kaya in denial ka lang?” mahinang udyok ng ate niya.

Kinapa niya ang puso. Hindi nga kaya? Pero napapansin na niyang nag-drift apart na sila ni Philip. Para bang matagal na siyang nag-fall out of love dito. Kung mahal pa niya ito, malamang hindi lang ganito ang gagawin niya. Hindi lang niya ito iiwan, kundi ilalampaso pa ito sa sahig ng apartment nila at kakalibuhin ang babae nito. Pero hindi. Ang una niyang naisip, *‘Yes! Puwede na akong makipag-break!’*

“Hindi ko din sure, Ate,” sagot niya. “Pero ang alam ko, naawa ako d’un sa babae, hindi sa sarili ko. Naisip ko lang na malaya na ako sa relasyon namin, alam mo ’yun? Kung si Kuya Oliver ba ang gumawa n’un, ano’ng gagawin mo?”

Inangat ni Emma ang dalawang daliri at

nagmuwestra ng gunting. “Instant tuli siya nang walang anesthesia.”

Tumawa siya, lalo na nang makitang naroon na pala ang bayaw na nakangiwi at nakalagay sa harapan ng pantalon ang dalawang kamay na tila ba pinoprotektahan ang pagkalalaki. “Kung tapos na kayong mag-isip ng masasama tungkol sa lahi ko, baka gusto n’yo nang umalis para makapunta na tayo sa bahay nina Mommy. Tanghali na tayo, eh.”

“Naku, hindi na lang ako sasama, Kuya,” mabilis na sabi ni Eleanor.

“O, bakit?” tanong ni Oliver na lumapit sa sofa para kunin ang kamay ng asawa. “Magpa-Pasko ka dito nang mag-isa? Hindi puwede ’yun!”

“Oo nga naman, Ellie. Sumama ka na,” pilit ni Emma. “Matutuwa si Mommy na makasama ka ulit. Kung gusto mo umuwi nang mas maaga, ihahatid ka na lang ni Kuya Oliver mo dito.”

“Isa pa ’yun,” tugon niya. “Honeymoon n’yo ’tapos nandito ako. Paano na lang kung gusto n’yong gumawa ng milagro sa kusina? Mahihiya kayo kasi iisipin n’yong baka bigla akong pumasok at mahuli ko kayo.” Nakita niyang nag-blush si Oliver pero tumatawa ang asawa nito.

*Symptoms Of Affection - Elise Estrella*

---

“Nagawa na namin iyon, kagabi pa,” masayang kuwento ng huli na lalong ikinapula ng mukha ng doktor. “Mamaya na natin pag-usapan ang living arrangements mo, pero hindi ako papayag na hindi ka dito titira.” Hinila na ni Emma ang kamay niya bago pa siya makahinding muli kaya pumayag na rin siyang sumama sa annual Christmas lunch ng pamilya Legaspi.

## 2

Ibinaba na ni Eleanor ang telepono. Kausap niya ang kapatid na kasalukuyang nasa Macau para sa honeymoon nito at ng asawa. Pinipilit siya nitong magpunta sa bahay ng in-laws nito para sumali sa salu-salo na gaganapin doon. New Year's Eve na at iyon ang una niyang Bagong Taon na mag-isa lamang siya. Malungkot at tahimik, pero buti na iyon kaysa naman kasama pa rin niya si Philip na niloloko lang pala siya.

Wala na siyang balita sa ex-boyfriend. Nagbago siya ng numero kaya kung sinubukan man nitong tumawag sa kanya, hindi na siya nito mako-contact. At lalong hindi nito makukuha ang numero niya kay Emma. Tama na rin iyon. Dapat na nitong harapin ang mga responsibilidad nitong tinakasan sa tunay nitong pamilya.

Binalingan ni Eleanor ang laptop na nasa ibabaw ng mesa kung saan nakabukas ang browser sa website na dinidisenyo niya. Tama lang ang kinikita niya bilang freelance web designer. Hindi siya mayaman pero may kaunti siyang naipon. Kaya niyang magbayad ng buwanang upa para sa

## *Symptoms Of Affection - Elise Estrella*

---

isang maliit na apartment, pero kailangan niyang magtipid.

Alam niya, makakaraos din siya. Malungkot lang isipin na magulo ang buhay niya ngayon dahil Christmas season.

Balak lang ni Eleanor magluto ng isang simpleng hapunan, kumain ng fruit salad na tira pa noong Pasko, at matulog nang maaga. Hindi siya maghihintay ng alas doce o kaya ay manonood ng kung anu-anong countdown sa telebisyon. Malulungkot lang siya.

Muli siyang nagsimulang mag-type sa laptop nang marinig na may nag-doorbell sa labas ng bahay. Alam ng mga kaibigan ni Emma at Oliver na wala ang mag-asawa sa bahay kaya walang dadalaw sa mga ito. Maliban na lang kung siya mismo ang sadya ng kung sino man ang nasa labas.

Sumilip si Eleanor sa bintana at nakitang nakaparada ang isang kulay asul na *BMW* sa labas ng bahay. Sasakyan iyon ni Gareth. Tinungo niya ang pinto at pinagbuksan ng gate ang binata. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. Nakasuot lang siya ng isang pares ng cut-off shorts at isang lumang pulang t-shirt na may butas pa sa balikat. Pakiramdam niya ay sobrang gusgusin niya dahil nakabihis ng

magara ang lalaki.

“Yan ang suot mong pagsalubong sa new year?” tanong nito na pinagmamasdan pa rin ang damit niya. “Sabagay, pula naman ’yang t-shirt at may polka dot,” nakangiting tinuro nito ang butas.

“What are you doing here?” maang niyang tanong.

Humakbang si Gareth papasok ng bahay. “Five p.m. na,” sabi nito. “Pinapasundo ka ni Mommy para daw hindi tayo abutan ng putukan sa labas. Marunong akong mag-first aid sakaling maputukan ka ng Five Star, pero buti na ’yung walang masaktan. Di ba, sa bahay ka magba-Bagong Taon?”

“Dito lang ako mag-nu-New Year,” pahayag niya at pinagtaasan siya nito ng kilay; nagtatanong kung nagbibiro lang ba siya.

“Dito? Mag-isa? Okay ka lang?” Hindi makapaniwala ang tono nito.

“Kasi, Reth...” Hindi siya makaisip ng dahilan para hindi sumama rito.

Humalukipkip ang binata. “Isipin mo nga, one minute to twelve midnight. Nagpuputukan sa labas, maingay, masaya, madaming fireworks ’tapos

nandito ka, mag-isa, madilim, tahimik. Gusto mo bang gan'un ang pasok ng bagong taon mo?"

Oo nga. Ang lungkot noon. Napansin na lang niyang umiiling na siya.

"O, hindi naman pala, eh!" Naupo ito sa sofa at inabot ang isang magazine na nakakalat bago itinaas ang mga paa at ipinatong iyon sa mesa. "Umakyat ka na, magbihis ka at dadalhin kita sa bahay nina Mommy. Sige ka, mami-miss mo 'yung lasagna ko." Binuklat nito ang magazine at nagsimulang magbasa.

Kumurap si Eleanor. "Nagluto ka ng lasagna?"

Inangat ni Gareth ang paningin mula sa magazine bago umiling. "Hindi, si Mommy ang nagluto n'un. Pero akin 'yun. Sinasabi ko lang na mami-miss mo 'yun."

Napatawa nito si Eleanor bago siya tumalikod. "Okay, okay. Give me ten minutes."

Tama. Hindi niya kaya ang mag-New Year nang mag-isa.

---

Masaya sa bahay ng mga Legaspi. Maliban kina Oliver at Emma, naroon ang buong pamilya at ang



ilan pang kamag-anak nila na nakilala na ni Eleanor noong kasal ng kapatid. Mabilis na nawala ang pagkaasiwa niya dahil mabait ang mga ito at tila ba isang anak din siya kung tratuhin.

Hinalikan siya sa pisngi ni Mrs. Legaspi bago giniya sa dining table na nag-uumapaw sa pagkain.

“Ako, si Jordan at si Sam ang nagluto niyan,” masayang imporma ng ginang habang inaabutan siya ng isang pinggan. “Si Gareth naman at ang daddy niya, walang alam gawin kundi kumain. Tikman mo lahat, ha! Dapat busog na busog ka kapag New Year!”

“Tikman mo ’to,” sabi ni Gareth habang naglalagay ng isang malaking hiwa ng lasagna sa pinggan niyang naisipan yata ng binatang punuin. “Ito ang pinakapaborito ko sa mga handa tuwing Bagong Taon. Si Ollie lang ang kalaban ko sa lasagna. At dahil wala siya dito ngayon, mas madami akong makakain.”

Si Doc Sam naman ang nagbigay ng garlic toast sa kanya. “Samahan mo n’yan. At kapag nakita mong lumalapit sa pinggan mo ’yung tinidor ni Gareth, puwede mo siya pukulin ng tinapay.”

Tumawa si Eleanor at kinuha ng nabanggit na

lalaki ang kamay niya para makaupo sila sa mesa sa verandah. Maliban sa mga maagang magpapatok sa labas ng gate, tahimik sa verandah dahil pawang nasa loob ng bahay ang mga bisita. Iniwan siya sandali ng binata at nang makabalik ito, may dala na rin itong isang pinggan na puno ng desserts.

“Balak ko lang sana mag-light dinner ngayon,” amin ni Eleanor bago tinikman ang lasagna na pinagmamalaki ni Gareth. Puno ng ground beef, tomato sauce at tunaw na mozzarella cheese ang unang kagat niya. Parang nakarinig siya ng tinig ng mga anghel na galing langit sa sarap niyon. “To think that I would have missed this.” She sighed happily.

“Ikaw kasi, eh,” tukso ng katabi. “Pa-emo effect ka pa na gusto mo mag-isa sa New Year.” Sumuboro rin ito ng lasagna. “Bakit ba kasi? Nag-away kayo ng boyfriend mo?”

Hindi nagpahalata si Ellie na tinamaan siya sa sinabi nito. Alam niyang wala itong alam sa mga kaganapan sa buhay nila ni Philip. Hindi magkukuwento si Kuya Oliver dito.

“Actually, hindi kami nag-away,” simula niya. “Iniwan ko na lang siya bigla dahil may anak pala siya sa iba.”

## *Symptoms Of Affection - Elise Estrella*

---

Nakita niya kung paano nabilaukan si Gareth at inabot niya rito ang baso ng iced tea. Mabilis itong uminom mula roon bago siya tiningnan. “Ano?”

Marahan niyang nginuya ang lasagna. “Ang sabi ko, bigla ko na lang siyang iniwan dahil may anak pala siya sa labas.”

Matagal na hindi nakapagsalita ang binata. Hindi naman niya ito matingnan nang derecho dahil nahihiya siya rito. Ano ba naman ang nakain niya at bigla na lang siyang nagbuhos dito ng sama ng loob?

Nakita niyang gumalaw si Gareth at inabot ang isa niyang kamay. “Ellie, I’m sorry,” bulong nito.

Nagkibit siya ng balikat. “Okay lang.” Nagpumilit siyang ngumiti. “Iba naman ’yung relasyon namin, eh. Sa tingin ko, hindi na kami in love sa isa’t isa. ’Yun lang, masakit sa pride.”

Tumayo si Gareth at tumabi sa kanya sa inuupuang sofa. Inakbayan siya nito at idinikit niya ang ulo sa balikat ng binata. “I’m really sorry,” bulong nito.

“Don’t be.” Pumulupot sa baywang nito ang isa niyang braso at sinimulang haplusin ni Gareth ang pisngi niya. He felt so strong and warm and comforting. At eksaktong iyon ang kailangan niya

sa mga panahong iyon. “Hindi naman ikaw ’yung nanloko sa ’kin. You don’t have to be sorry.”

“Siya din ba ’yung sinabi mo sa ’kin na boyfriend mo last year?” untag nito.

“Oo. Siya din.”

“Gago pala ’yun, eh,” sambit ni Gareth. “Ano, gusto mo pasagasaan natin sa ambulansya?”

Tumawa siya at tumuwid sa pagkakaupo. “Huwag na. Kawawa naman ’yung mag-ina niya. Sabi ko naman sa ’yo, I’m okay. Naiyakan ko na siya. It’s time to move on.”

Hindi umalis si Gareth sa tabi niya at alam niyang pinagmamasdan siya nito kaya binalingan niya ito at tiningnan nang nagtatanong. Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok niyang nakatakas sa kanyang ponytail.

“If it’s any help, I think you’re beautiful. At tanga lang ang lalaking hindi iisipin iyon tungkol sa ’yo. You’re better off without him.”

Natunaw ang puso ni Eleanor at hindi niya napigil ang mangiti. “Thanks,” bulong niya.

Kumindat si Gareth at muling bumalik sa dating kinauupuan. “Tikman mo ’tong chicken cordon bleu.

Si Sam ang may gawa nito. Lahat ng puwedeng gawin sa manok alam n'un, eh.”

Sa buong magdamag, katabi niya ang lalaki. Pinapatawa siya nito, binubusog ng pagkain, pilit na pinalilimot sa kanya ang kagaguhan ng ex-boyfriend niya. Gusto na nga niyang sabihing nalimutan na niya pati pangalan ng ex niya, pero patuloy pa rin sa pagiging sweet at maaruga si Gareth. Siguro ay naaawa ito sa kanya.

Pero hindi niya kailangan ng awa nito. Hindi niya gustong kinaaawaan siya. Oo nga't niloko siya ni Philip, ngunit hindi ba bago pa man iyon, gusto na niya talagang makipaghiwalay rito? Naunahan lang siya ng pagsulpot ni Jenna sa bahay nila.

Nakita niyang hinahabol si Gareth ng mga bata at napangiti siya. Ang cute kasi nito lalo na at ginagawa itong puno at inaakyat ng mga pamangkin.

“Ellie!” tawag nito habang pasan ang isa sa mga anak ng pinsan nito. “Lika, mag-a-alas doce na! May fireworks display sa labas!”

Inabot niya ang kamay rito at sabay silang nagtungo sa garahe kung saan naroon na ang ilang pinsan nito at sina Jordan, Sam, Mommy Olivia at Daddy Henry. Ilang minuto na lang at bagong

taon na kaya nagsisimula nang dumami ang mga nagpapaputok.

Ibinigay ni Gareth ang batang karga sa mommy nito, bago lumapit para makipag-asaran kina Jordan at Sam na nakatungo sa isang banda ng kalsada kung saan inaayos ang mga fireworks na sisindihan nila.

Isinukbit ni Mommy Olivia ang isang braso sa braso ni Eleanor. “Nag-enjoy ka ba, hija?”

Tumango siya. “Opo, Mommy! Sana nandito po sina Ate Emma at Kuya Oliver.”

Ngumiti ang matanda. “Oo nga. Pero hayaan mo na! Sa tingin ko ay may sarili namang fireworks na sisindihan ang dalawang iyon!” sabi nito bago malakas na tumawa.

Tumawa rin si Eleanor at nakitang patakpong bumalik sa tabi niya si Gareth.

“Okay na daw,” sabi nito bago kinuha ang isa niyang kamay. Sinipat pa ng binata ang suot na relo. “Dad, puwede nang mag-countdown!”

Inabutan sila ni Henry ng mga lulis at sinindihan iyon hanggang sa mapuno ng maliliwanag na ilaw at kulay ang paligid. Ito na rin ang nagsimulang magbilang mula twenty pababa. Nang nasa ten na

ang bilang, sumabay na silang lahat sa pagbibilang nito at padami na nang padami ang nagpuputukan at paliwanag nang paliwanag ang kapaligiran.

“Three... two... one... Happy New Year!” sigaw nila at sinindihan nina Jordan at Sam ang mga fountains at mga trompilyo na nakalagay sa mga ginawa nilang sabitan sa tapat ng bahay.

Nagliwanag ang langit na tila ba napuno ng libu-libong nagkikislapang mga bituwin. Masasayang nagsigawan ang mga tao at umihip ng torotot ang mga batang walang kapaguran sa pagtawa at pagtakbo.

Hinalikan ni Mommy Olivia ang pisngi ni Eleanor at niyakap din siya ni Daddy Henry. At nang humarap siya kay Gareth, nakangiti ito sa kanya kaya tila ba napakanatural na lumapit siya rito, na maghinang ang kanilang mga labi, na iyakap nito ang isang braso sa kanyang baywang para mas ilapit siya sa katawan nito upang mas lalong lumalim ang halik na pinagsasaluhan nila.

Nang matapos ang mahabang halik, daig pa ng dagundong ng puso niya ang mga paputok na hindi pa rin tumitigil sa pag-iingay para salubungin ang bagong taon.